9

# Learning Activity Sheet
# Filipino
# Kuwarter 3 – MELC 7

## Pagsusuri sa Iba't ibang Tunggalian sa Kuwento/Usapan



REGION VI-KANLURANG VISAYAS

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino 9 Learning Activity Sheet (LAS) Blg.7**
**Unang Edisyon, 2021**

Inilimbag sa Pilipinas
Ng Kagawaran ng Edukasyon,
Rehiyon 6 – Kanlurang Visayas
Duran St., Iloilo City

Isinasaad ng **Batas Republika 8293, seksiyon 176** na "Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaang naghanda ng gawain kung ito'y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad."

Ang Filipino 9 **Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay inilimbag upang magamit ng mga Paaralan sa Rehiyon 6 - Kanlurang Visayas.

**Walang bahagi ng aklat** na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang porma nang walang pahintulot sa Kagawaran ng Edukasyon, Rehiyon 6 – Kanlurang Visayas.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Learning Activity Sheet - Filipino 9**

**Manunulat:** Jolyn S. Alon
**Tagaguhit :** Jerome Jordan Z. Ponsica
**Tagalapat :** Eldiardo E. Dela Peña

**Division Quality Assurance Team**
Diana P. Agupasa Perly M. Mapa
Cynthia C. Caspe Rosie C. Cabus
Marie Antoniette M. Villar Angela Mae D. Lim

**Division of Escalante City Management Team:**
Clarissa G. Zamora., CESO VI
Atty. Fevi S. Fanco, EdD
Ivy Joy A. Torres, PhD
Jason R. Alpay
Alicia M. Geroso

**Regional Management Team:**
Ramir B. Uytico, EdD, CESO IV
Pedro T. Escobarte, Jr. , PhD, CESO V
Elena P. Gonzaga, PhD
Donald T. Genine
Celestino S. Dalumpines IV

**MABUHAY!**

Ang **Filipino 9 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay nabuo sa pamamagitan ng sama-samang pagtutulungan ng Sangay ng Lungsod Escalante at Kagawaran ng Edukasyon, Region 6 – Kanlurang Visayas sa pakikipag-ugnayan ng Curriculum and Learning Division (CLMD). Inihanda ito upang maging gabay ng learning facilitator, na matulungan ang ating mga mag-aaral na makamtan ang mga inaasahang kompetensi na inilaan ng Kurikulum ng K to 12.

Layunin ng **LAS** na ito na gabayan ang ating mga mag-aaral na mapagtagumpayan nilang masagot ang mga nakahanay na mga gawain ayon sa kani-kanilang kakayahan at laang oras. Ito ay naglalayon ding makalinang ng isang buo at ganap na Filipino na may kapaki-pakinabang na literasi habang isinasaalang-alang ang kani-kanilang pangangailangan at sitwasyon.

**Para sa mga learning facilitator:** Ang **Filipino 9 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay binuo upang matugunan ang pangangailangan ng ating mga mag-aaral sa larang ng edukasyon, na patuloy ang kanilang pagkatuto kahit na sila ay nasa kani-kanilang mga tahanan o saan mang bahagi ng learning center sa kanilang komunidad.

Bilang mga learning facilitator, siguraduhing naging malinaw ang mga panuto sa mga gawaing iniatas sa kanila. Inaasahan din na patuloy nating masubaybayan ang pag-unlad ng mga mag-aaral (learner’s progress).

**Para sa mga mag-aaral:** Ang Filipino 9 **Learning Activity Sheet** na ito ay binuo upang matulungan ka, na mapatuloy ang iyong pagkatuto kahit na wala ka ngayon sa iyong paaralan.

Pangunahing layunin ng LAS na ito na mabigyan ka ng makahulugan at makabuluhang mga gawain. Bilang aktibong mag-aaral, unawain nang mabuti ang mga panuto ng bawat gawain.

# Learning Activity Sheets (LAS) Blg. 7

Pangalan:______________________________ Grado at Seksiyon:_______________

Petsa: _____________________________

**GAWAING PAMPAGKATUTO SA FILIPINO 9**

**Pagsusuri sa mga Tunggalian (Tao vs. Tao, at Tao vs. Sarili)**

## I. Kasanayang Pampagkatuto at Koda

Nasusuri ang mga tunggalian (tao vs. tao, at tao vs. sarili) sa kuwento batay sa napakinggang pag-uusap ng mga tauhan. **(F9PT-IIId-e-52**

## II. Panimula (Susing Konsepto)

Ang nobela gayundin ang maikling kuwento ay kakitaan ng tunggaliang pumupukaw sa damdamin ng mambabasa. Ang nobela ay hindi magkakaroon ng buhay kung walang tunggalian. Ito ay isang elementong nakapaloob sa banghay. Ito ay ang labanan sa pagitan ng magkakasalungat na puwersa.

Isa sa mga sangkap ng maikling kuwento ay ang tunggalian na humuhubog sa pagkatao ng tauhan at siyang nagtutulak sa mga pangyayari sa kuwento. Ang maikling kuwento ay may iisang tunggalian lamang, sa nobela ay maaaring higit sa isa ang tunggalian na maaaring panloob (tao laban sa sarili) o panlabas (Tao laban sa tao, tao laban sa kalikasan, tao laban sa lipunan, at tao laban sa tadhana).

**1**. **Pisikal (tao laban sa kalikasan)** – Ang tunggaliang ito ay tumutukoy sa tao laban sa mga elemento at puwersa ng kalikasan. Ito ay maaaring ulan, init lamig, bagyo, lindol, pagsabog ng bulkan, at iba pa.
Halimbawa nito ang karanasan ng mga tauhan habang at pagkatapos ng isang natural na kalamidad o ang biglaang pagsabog ng bulkan na nagbabanta sa buhay ng mga turistang nasa paanan ng bulkan. Ang tauhang na–trap sa isang isla o palutang-lutang sa gitna ng dagat sakay ng isang lifeboat.

**2**. **Panlipunan (tao laban sa kapwa tao)** – Dito naman ang tao ay laban sa kapwa tao o ang tao laban sa lipunang kaniyang ginagalawan. Ibig sabihin ang kaniyang problema o kasawian ay dulot ng iba o ng bagay na may kaugnayan sa lipunan gaya ng diskriminasyon o iba pang bagay na tila di-makatarungang nagaganap sa lipunan. Ito ay labanan ng klasikong bida laban sa kontrabida o mabuting tao laban sa masamang tao. Maaaring dulot ito ng pagkakaiba nila sa pamantayan ng moralidad, posisyon sa lipunan, o paniniwala.

**3. Panloob (tao laban sa sarili)** – Ito ay uri ng tunggalian ng tao laban sa kaniyang sarili. Masasalamin dito ang dalawang magkasalungat na hangad o pananaw ng isang tao.

Halimbawa nito: Ang suliraning may kinalaman sa moralidad at paniniwala. karaniwang pinoproblema ng tauhan kung ano ang pipiliin-ang tama o mali, o mabuti o masama? Maaari rin namang tungkol ito sa pagsupil sa sariling damdamin. Ang tauhan lamang ang nakareresolba sa hinaharap niyang suliranin. Ang panloob na tunggalian ay nagbibigay ng humanidad sa tauhan

**4. Tao laban sa Tadhana-** Nangyayari ang tunggaliang ito kapag ang tadhana ang nagdidikta sa mga nagyayari sa tauhan. Maaari niya itong labanan. Sasabihin niyang siya ang magtatakda ng kaniyang kapalaran at gagawa siya ng paraan upang baguhin ang takbo ng kaniyang buhay. Ngunit sa huli ay karaniwang nagwawagi ang tadhana. Ang pagbalik sa nakaraan sa pamamagitan ng time machine upang maiwasan ang pagkamatay ng minamahal .

Halimbawa ng ganitong tunggalian ang mga kuwento ng mga ordinaryong tao na itinadhanang maging makapangyarihan.

## III. Sanggunian

Aklat:

*Peralta, Romulo N. et al (2014) Panitikang Ayano, Modyul ng mag-aaral sa Filipino 9, Unang Edisyon, Vibal Group, Inc.*

## IV. Mga Gawain

**Gawain 1**

Panuto: **Panuto: Suriin ang sumusunod na diyalogong tinuran ng pangunahing tauhan. Base dito, maghinuha kung anong tunggalian mayroon ang kuwento. Titik lamang ang isulat**

**A. Tao vs. tao** **B. Tao vs. sarili**

1. “Pinakamatinding laban ay hindi nangyayari sa labas, dito nangyayari (sabay turo sa kaliwang dibdib).

2. “Ama, Diyos po ang nagkakaloon ng lahat. Lahat ng nasa atin, kinukuha natin sa Kaniya.” Ang sagot na ito’y ikinagalit ng hari. “Lumayas ka!” sigaw niyon at inutusan ang isang alila para ilabas ang prinsesa.

3. Hindi alam ng prinsesa kung siya ba’y magagalit sa ginawa ng amang hari sa kaniya o tanggapin na lang ang kaniyang kasawian.

4. Kaydalas niyang pagsisihan ang pagpapalayas sa anak, at kaydalas niyang hanapin iyon sa kagubatan ngunit hindi siya nagtagumpay.

5. Napatay ng Pulang Diwata at ng binata ang genie at nakatakas ang dalawa sa palasyo ng genie.

**Gawain 2: Basahin mabuti ang bawat pahayag at suriin kung anong uri ng tunggalian ang sumusunod titik lamang ang isulat.**

1. Nakipaglaban si Jane sa karapatang-pantao sa kanilang organisasyon sa trabaho.
A. Tao laban sa tadhana
B. Tao laban sa sarili
C. Tao laban sa kapwa tao
D. Tao laban sa kalikasan

2. Kahit humadlang ang tadhana sa kanilang pag-iibigan ay pilit pa ring pinagpatuloy nila ang naudlot na pagmamahalan.
A. Tao laban sa kapwa tao
B. Tao laban sa sarili
C. Tao laban sa tadhana
D. Tao laban sa kalikasan

3. Pilit pa rin niyang pakitunguhan ang unang asawa ni Zyrel kailanma'y hindi maaaring mahalin.
A. Tao laban sa sarili
B. Tao laban sa kapwa tao
C. Tao laban sa Kalikasan
D.Tao laban sa Tadhana

4. Iniwan ni Johnsen si Zenneth para makipagsapalaran sa Surigao.
A. Tao laban sa sarili
B. Tao laban sa tadhana
C. Tao laban sa kapwa tao
D. Tao laban sa kalikasan

5. Hindi niya malaman ang gagawin sa muling pagkikita ng asawang matagal nang nawalay sa pamilya.
A. Tao laban sa sarili
B. Tao laban sa kalikasan
C. Tao laban sa kapwa tao
D. Tao laban sa tadhan

**Tandaan:**

Isa sa mga sangkap ng maikling kuwento ay ang tunggalian na humuhubog sa pagkatao ng tauhan at siyang nagtutulak sa mga pangyayari sa kuwento. Ang maikling kuwento ay may iisang tunggalian lamang, sa nobela ay maaaring higit sa isa ang tunggalian na maaaring panloob (tao laban sa sarili) o panlabas (Tao laban sa tao, tao laban sa kalikasan, tao laban sa lipunan, at tao laban sa tadhana).

.

## V. Repleksiyon

Panuto: Dugtungan at kumpletohin ang diwa ng pahayag:

1. Mahalaga ang pagsusuri ng mha tunggalian sa kuwento o nobela dahil _______________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________.

## VI. Susi sa Pagwawasto

**Gawain 1:**

1. B
2. A
3. A
4. A
5. A

**Gawain 2:**

1. C
2. C
3. A
4. B
5. A